

1

Nakangiti si Fatima kahit ang totoo pinipigilan niya lamang ang pagbalong ng luha. Kailangan niyang ipakita sa buong pamilya na okay lang siya nang sa ganoon hindi na mag-alala pa ang mga ito.

“Mami-miss ka namin, Ate Fatima,” sabi ni Jean. Sumisinghot-singhot pa ito habang mahigpit siyang yakap. “Kapag bumalik kami, ikaw ang una naming hahanapin, ah,” dugtong ni Joan. Ito naman ang mahigpit na yumapos sa kanya.

Hinagkan niya pareho sa pisngi ang kambal. Siguradong mami-miss niya ang mga batang ito na napamahal na sa kanya ng lubusan.

“Tama na iyan, pinaiiyak n’yo lang si Fatima,” saway ni Rodrigo Fuentes sa mga anak.

Ngumiti siya, binitawan ang mga bata at inayos ang sarili. Nakatayo na siya nang lumapit naman si Ryan, ang panganay na anak ng mag-asawang Fuentes. Quince años lamang ito at lantarang ipinapakita sa lahat, kahit sa mga magulang, na crush siya nito.

“Can I hug you, Timmy girl?”

Seryoso ito, pero nababasa niya ang kislap sa mga mata. Napangiti na lamang siya. Ang mag-asawang Fuentes ay nagkatinginan muna bago parehong napangiti.

Inilahad niya ang mga bisig sa binatilyo. “Magpapakabait ka doon, ha?” aniya. “Ipaghanap mo ako ng potential papa.”

Tumaas ang malalagong kilay nito. “Bakit, ayaw mo bang hintayin ako? Five years later, binata na ako!”

Exaggerated siyang kumamot sa batok, ibinaba ang nakalahad na mga bisig at lumapit sa binatilyo. Mariin niyang pinisil ang pisngi nito. “Bata ka pa. Ang tipo kong lalaki, mga sampung taon ang tanda sa akin. Beinte-uno ako kaya mga about thirty one.”

Nalukot ang mukha nito. Magaan siyang tumawa. “I hate your standards!” kanda-ngiwing usal nito. “But I love you still.”

Ang lakas ng tawa niya. Ganoon din ang mga magulang nito.

Lumapit pa si Alicia Fuentes at pabirong binatukan ang anak. “Tigilan mo si Fatima, Ryan!” napapangiting saway nito.

Umungol ito bilang protesta. Kapagkuwan ay ngumisi na ito. “Payakap na lang,” lambing nito sa kanya.

“Ikaw talaga!” Tinanggap niya ang mainit nitong yakap ng pagpapaalam.

Si Mrs. Fuentes naman ang sumunod na yumakap sa kanya. “Hayaan mo, Fatima, kapag naayos na namin ang mga dapat ayusin, aasikasuhin namin ang pagsunod mo. Kontakin mo kami kapag may problema ha?”

Sunod-sunod ang pagtango niya. Tumingin siya sa wristwatch at alam niya na kailangan na ng mga ito na mag-check-in. May binunot sa bulsa si Mr. Fuentes at iniabot sa kanya. Isang sobre iyon. Alam niyang pera ang laman niyon.

“Makakatulong sa iyo iyan.”

Nahihiyang nagpasalamat siya. Ayaw man niyang tanggapin ang karagdagang perang iyon ay kailangan. Magagamit niya iyon habang naghahanap siya ng bagong trabaho at bahay na lilipatan.

“Sigurado ka bang alam mo na ang pauwi sa bahay ng dati mong kaklase?” May pag-aalala sa anyo ni Mrs. Fuentes.

Kung Akin Ka Lang - Aira Felicity

Iyon ang sinabi niya, na may tutuluyan na siya mula sa airport at bukas ay may naghihintay nang trabaho sa kanya. Ang totoo, sinabi niya lamang iyon upang huwag nang mag-alala pa sa kanya ang buong pamilya. Ayaw niyang maging alalahanin pa sa pag-alis ng mga ito.

Napakalaki ng naitulong sa kanya ng pamilya. Nahihiya na siyang maging pabigat pa.

Tatlong buwan na ang nakalipas, namatay ang kanyang lola na siyang nag-iisang kapamilya niya. Ilang linggo pa lamang ang lumipas noon mula noong makapagtapos siya sa isang pampublikong kolehiyo sa kanilang bayan sa Nueva Ecija. Nagtapos siya ng kursong Education. Pagtuturo sa elementarya ang major niya. Gayunpaman, hindi pa siya nakakakuha ng licensure examination.

Dating yaya ni Mrs. Fuentes ang lola niya noong nasa poder pa ang una ng mga magulang. Anak ito ng isa sa mga kilalang angkan sa bayan nila. Nang mabalitaan nito ang pagpanaw ng abuela, umuwi ito upang personal na makiramay.

Nang alukin siya nitong sumama sa Maynila ay hindi na siya nagpatumpik-tumpik pa. Sumama siya. Kinupkop siya ng pamilya. Upang kahit paano ay masuklian niya ang kabutihan ng mga ito,

nagboluntaryo siyang maging yaya muna ng kambal na anak ng mga ito habang wala pa siyang nakikitang trabaho.

Sa halos mag-aapat na buwang nasa piling siya ng mga ito, wala itong ipinakita sa kanya kundi puro kabutihan. Sadyang napakabait ng buong pamilya kaya naman, madaling napamahal sa kanya ang mga ito.

Sayang nga lamang, ngayon ay magma-migrate na ang mga ito sa Amerika. Kinakailangan raw ng maselang operasyon sa puso ang ama ni Mr. Fuentes na nakabase na sa States. Dahil nag-iisa lamang na anak ang huli, wala itong pagpipilian kundi humalili sa pamamahala sa mga negosyo ng ama nito. Idagdag pang kailangan ng huli ang pagmamahal at suporta ng pamilya dahil sa kondisyon nito.

Nagdesisyong lumipad na patungo ng Amerika ang mag-asawa, bagay na noon pa pala dapat nangyari. Nakahanda na raw ang mga papeles ng mga ito, pero dahil mahal talaga ni Mrs. Fuentes ang Pilipinas, lagi nitong ipinagpapaliban ang pag-alis at sinuportahan naman ito ng asawa. Ngunit dahil sa nangyari sa ama ni Mr. Fuentes, nagpasya ang ginang na ituloy na ang pag-alis.

“Bye-bye!” sabay na paalam ng kambal.

Kung Akin Ka Lang - Aira Felicity

Kumakaway ang buong pamilya sa kanya. Nakangiting gumanti siya. Nang tuluyang mawala ang mga ito sa paningin niya ay saka niya lamang pinalaya ang kanina pa nagbabantang luha.

“Kaya mo ito,” pagpapalakas niya ng loob sa sarili. Subalit matapos ang limang hakbang, huminto siya at nahihirapang nahagod ang batok. “Pero ano nga ba ang gagawin ko?” helpless niyang tanong sa sarili. Sinabi niya lamang sa mag-asawa na okay siya dahil ayaw na niyang dagdagan pa ang inaalala ng mga ito.

Pero ang totoo, hindi siya okay. Wala siyang bahay na uuwian ngayong gabi at wala ring trabahong naghihintay sa kanya bukas.

Paano na siya ngayong wala siya ni isang kakilala sa Maynila?

Sa isang fastfood restaurant siya nagpahatid sa taxi na sinakyan mula sa airport. Habang kumakain, pilit niyang pinagagana ang isip upang bumuo ng plano para sa sarili. Hindi siya maaaring magpalaboy-laboy na lang sa mga susunod na araw. Mauubos at mauubos ang perang iniwan sa kanya ng mag-asawang Fuentes at kapag nangyari iyon, tiyak sa

kalye siya pupulutin.

“Stay-in job,” usal niya sa sarili habang ngumunguya ng hamburger. Tama. Iyon nga ang solusyon sa problema niya.

Pero ano ba ang stay-in job sa ngayon?

Yaya. Kasambahay. Alalay sa mga bakeries. Tutor?

Napabuntong-hininga na lamang siya. Nang mapatingin siya sa labas ng fastfood, sa newspaper stand natuon ang mga mata niya.

Classified Ads!

Mabilis niyang tinapos ang pagkain. Naghatid sa kanya ng munting pag-asa ang mga nakitang diyaryo. Maaaring naroon na ang solusyon sa problema niya! Dali- dali siyang lumabas at napapangiti pa nang takbuhin ang newspaper stand. Sa dami marahil ng iniisip niya, ni hindi niya napansing main highway ang kanyang tatawiran.

Sunud-sunod na bumusina ang tila gumising sa kanya. Kasunod noon ang marahas na sagitsit ng gulong. Huli na para umiwas. Naramdaman niya ang impact ng pagkakabundol sa kanya ng sasakyan.

Ang pagbagsak niya sa sementadong kalsada at ang pagkaumpog ng ulo niya ang huli niyang

naramdaman bago nagdilim ang lahat sa kanya.

“You’re awake.” Buong tinig ng isang lalaki ang nahagip ng pandinig ni Fatima bago siya nagmulat ng mga mata.

Ano ang nangyari? Bakit makirod ang ulo niya? Kulay puting kisame ang tumambad sa mga mata niya. Nasaan ba siya?

Naramdaman niyang muli ang kirot sa ulo kaya itinaas niya ang kamay para damhin iyon subalit napangiwi siya sa sakit. Nagtatakang sinipat niya ng tingin ang kamay na nasaktan. Nanlaki ang mga mata niya sa nakita. Naka- dextrose siya!

Nag-aalang sinipat niya ang kabuuan ng paligid. Berdeng kurtina ang nasa dingding, mapusyaw na berde ang suot niya habang nakahiga siya sa kama at naka- dextrose! Ibig sabihin...

“Nasa hospital ka,” anang tinig ng lalaki na narinig niya kanina. Noon lamang dahan-dahang hinanap ng mga mata niya ang may-ari ng tinig. Artista? O baka nagkaproblema ang sense of sight niya. Pero hindi, totoo ang nakikita niya. Parang executive sa malalaking korporasyon na nakikita niya sa business magazine ni Mr. Fuentes.

“S-sino ka?” ang namutawi sa labi niya. Kunot na kunot ang noo. “I-ikaw bakit ka narito? At... ako, ano’ng ginagawa ko sa—”

Nagrambol-rambol na ang utak niya. Hindi niya mahagilap ang tamang itatanong. Hindi niya maialalis ang mga mata sa mukha nito.

“Wala ka bang naaalala?” sa halip ay banayad din nitong tanong. Nanatiling nasa mukha niya ang tingin nito. Kumunot ang noo niya; pilit binabalikan sa isip ang nangyari sa kanya. Umawang ang kanyang labi at magsasalita na sana, pero naunahan na siya nito ng tanong. “Saan ka nga pala nakatira?”

Napamaang siya rito. Doon nagliwanag ang isip niya. Nabundol siya ng isang sasakyan habang ang eksaktong tinatanong nito ang problema niya!

“H-hindi ko alam... ah—” Wala sa sariling humagod sa ulo niyang nakabenda ang malaya niyang kamay nang maramdaman ang pagkirot niyon. Napangiwi siya.

“You don’t remember anything?”

Napabaling siya rito. Nakaawang pa rin ang mga labi. Paano ba niya sasabihing wala siyang bahay na uuwian?

“It’s okay,” kapagkuwan ay sabi nito pagkatapos ay napabuntong-hininga. “What happened was partly my fault...” tila nakokonsyensyang saad nito. “Huwag kang mag-alala, habang ganyan ang kondisyon mo, ako muna’ng bahala sa iyo. Hindi kita pababayaan.”

Napatitig siya rito. Sino ba ang lalaking ito? At bakit may kung anong init na hatid sa damdamin niya ang assurance nito na hindi siya pababayaan? Napakurap siya. Kung ganoon ang lalaking ito ay maaaring—

“Ako ang driver ng kotseng nakabundol sa iyo...” kumpirma nito sa hinalang nasa isip niya. Napalunok siya. Wala talaga siyang maisip sabihin kaya napapatitig na lamang siya rito.

“Dalawang araw halos na wala kang malay. You had a head injury but your doctor said you’re safe.” Wala pa rin siyang alam isagot. Nakatitiyak siyang hindi basta-basta ang lalaking ito kung ang anyo at ang pagsasalita ang pagbabasehan. “Maaaring ang injury mo ang dahilan kung bakit wala kang maalala. Amnesia.”

Bigla siyang napabaling dito. Amnesia? Kung sa ibang pagkakataon baka natawa na siya, pero hindi niya iyon nagawa dahil sa kirot na nararamdaman.

“I’m sorry,” sabi nito. “Hindi ko man gusto ang nangyari sa iyo, wala na tayong magagawa. Since, hindi ko alam kung saan kita iuuwi, the safest way now is to take you to my house. Kapag nakaalala ka na o may kamag- anak na sumundo sa iyo, saka na lamang kita pauuwiin.”

“Ha?” Namanghang nanlaki ang mga mata niya. Totoo ba ang narinig niya? Ibig sabihin solved na ang problema niya! Teka, pero hindi yata tama na manloko siya ng kapwa!

Panandalian lang naman ito, Fatima, habang nag-iisip ka ng gagawin mo, anang kanyang utak. Dalawang ulit siyang napalunok. Tama ba itong gagawin niya?

“Hindi naman severe head trauma ang tinamo mo, but there were rare cases, na nagkaka-amnesia ang pasyente,” patuloy nito na pumutol sa naguguluhan niyang isip.

Ang tanging nagawa niya ay lumunok. Paninindigan ba niya ang pagpapanggap?

Hinila nito ang upuan at naupo sa tabi ng kama. “Hindi ka naman siguro magagalit kong pinakialaman ko ang gamit mo. Ginawa ko iyon para mahanap ang mga kamag-anak mo. And I saw an old I.D.,

pero walang active sa mga numerong nakita ko. Ang cellphone mo naman, nawasak at hindi na maaaring gamitin pa. Fatima ang pangalan mo, iyon ang nakita kong nasa ID. Nakasulat din ang nickname mo—Timmy.”

Hindi siya umimik. “Ian nga pala ang pangalan ko,” anito sa kaswal na tono. “Ian Javier.”

Kapwa sila napatingin sa dako ng pintuan nang bumukas ang pinto at pumasok ang unipormadong nurse at isang may katandaan ng lalaki na kung hindi siya nagkakamali ay siyang doctor niya.

Matapos ang ilang pagsusuri ay lumabas na ng silid ang doktor. Base sa naulinigan niyang pag-uusap ng mga ito, okay na raw ang kalagayan niya. Wala na umanong problemang lumilitaw sa test at... ano na nga iyong sinabi ng doktor? Scan yata pagkatapos may MRI pa. Isa iyong uri ng imaging test, kung hindi siya nagkakamali. Nakikita roon kung may trauma ang utak ng pasyente. Nabasa niya iyon somewhere. Pero ang hindi niya tiyak ay kung nakikita sa test na iyon na ang presence ng amnesia.

Paano kung oo? Kaya ba niyang panindigan ang kalokohang pinasok niya? Pero hindi ba at best

actress siya lagi sa theater arts nila noong high school sa probinsya?

Napangiwi siya. *Lord, maintindihan sana Ninyo ang gagawin kong ito. Maikling panahon lang po...*

Kung may tiyak lamang siyang uuwian at mapapasukan ay hindi niya gagawin ito. Humugot siya ng buntong-hininga. Sige, hihintayin na lang niyang maghilom ang kanyang mga sugat. Tapos habang nagpapagaling, mag-iisip siya ng plano sa sarili. Para kapag magaling na siya, tiyak na niya ang kanyang gagawin.

Tama.

Napatingin siya sa pinto nang muli iyong bumukas. Pumasok si Ian Javier. May akay na itong batang babae.

“She’s awake, Dad!” parang galak na galak na turan ng bata. Nakangiti ito nang titigan siya.

Teka, tinawag nitong ‘Dad’ si Ian? Kung ganoon, may... may asawa na pala ang lalaki! Hindi niya maintindihan kung bakit tila siya nalungkot.

Gumanti na lamang siya ng ngiti sa bata. “She smiled at me, Dad!” anang bata kinakalabit ang ama.

“Her name is Fatima, Baby,” anito bago bumaling

sa kanya. “Nagpupunta siya rito noong wala ka pang malay kaya natutuwa siyang makitang nagising ka na,” anito sa kanya. “Si Trish, my daughter.”

“H-hi, Trish!” Nakangiti siya ng matamins.

“Hello po. Dad said sa amin ka uuwi. Pag magaling na ba ang sugat mo, we can play?”

Alanganin siyang napatingin kay Ian. Tipid itong ngumiti bago ginulo ang buhok ng anak. “Kapag naghilom na ang sugat niya, Baby. Di ba, Fatima?”

“H-ha? O-oo naman...” Alanganin ang ngiti niya. Tuwang-tuwang nagpakarga si Trish sa ama. Nakakatuwa ang mga ito. Na-miss niya tuloy bigla ang kanyang lola. Ito lamang ang tanging pamilya niya noon kaya nang mamatay ito, mag-isa na lamang siya laban sa mundo.

Masarap sigurong magkaroon ng isang ama. Ipinilig niya ang ulo upang iwaglit ang lungkot na naramdaman. Hindi niya kailangang dagdagan pa ang bigat ng dibdib sa pag-iisip ng mga bagay na wala siya. Tama nang buhay siya at malusog, iyon lang ay ipinagpapasalamat na niya nang labis sa Panginoon.

“Don’t worry, Ate, doctor si Dad kaya maaalagaan ka niya sa house!” proud na proud pang anang bata sabay yapos sa ama na tumawa lamang.

“D-doctor ka?” Halos hindi naglagos sa lalamunan ang tanong niya. Paano niyang maloloko ito kung nasa linya pala ito ng medisina? Naloko na! Kumabog nang kumabog ang dibdib niya.

“I’m a dentist, Fatima,” simpleng tugon nito.

Kulang na lang ay mapabuga siya ng hangin sa ere dahil sa relief. Sa ngipin pala ito espesyalista, may pag-asa siyang makalusot!

“Ako, si Trish at si Yaya lamang ang makakasama mo sa bahay,” ani Ian mayamaya. “Huwag kang mag-alala. Maraming vacant rooms na maaari mong pagpilian. You’ll be comfortable there,” paniniyak pa nito.

Napalunok na siya; sinalakay ng konsyensya. Tama bang samantalahin niya ang kabutihan ng mga taong ito?

Teka, tatlo lang sila sa bahay? Eh, nasaan ang asawa nito?

2

Hindi mapigilan ni Fatima ang mapatanga nang tumapak ang mga paa niya sa bahay na sinasabi ni Dr. Ian. Pagkalaki-laki pala niyon!

Ang lawak ng hardin na punung-puno ng orchids at ornamental plants. At nang tumingala siya para tingnan ang panlabas na anyo ng bahay? Whew, napakarangya!

“Pumasok ka na.” Napaigtad siya sa boses ng driver. Ito lamang ang sumundo sa kanya sa ospital dahil kinailangan raw pumasok ng maaga sa clinic ni Dr. Ian. Pero nalaman niyang naayos na pala nito ang lahat. Hindi na siya nag-aksaya ng panahong itanong kung magkano ang inabot ng hospital bill niya, baka kasi kapag nalaman niya, mawalan lang siya ng malay tapos mabagok ang ulo niya, baka tuluyan nga siyang magka-amnesia!

Ngumiti siya sa may-edad ng lalaki, pilit itinago ang pagkapahiya. Ibinaba na niya ang tingin at humakbang papasok sa balkonahe.

“Ate Fatima!” pasigaw na pagtawag mula sa itaas ng bahay.

Kung Akin Ka Lang - Aira Felicity

Napatingala siya. Nasa terrace si Trish at nakatanaw sa kanya habang kumakaway. Gumanti rin siya ng kaway at ngumiti.

Patakbo itong umalis sa kinaroroonan. Hindi pa man siya nakakahakbang papasok sa kabahayan, narinig na niya ang pagtawag nito habang bumababa sa mala-abanikong hagdanan.

Yumapos ang bata sa kanya na animo ay kilalang-kilala siya. Siguro dahil sa dalas ng pagdalaw ng mag-ama habang nasa ospital siya at nagpapagaling.

“Welcome, Hija!” Narinig niya ang pamilyar na boses ni Yaya Herminia. Ilang beses na rin niyang nakita sa ospital ang nasa singkuwenta anyos ng kasama ng mag-ama. Bumitaw na sa kanya ang bata at tumakbo palabas. “Salamat ho,” nakangiting sabi niya kay Yaya.

“Halika na sa kusina. Bilin ni Ian na kumain ka raw pagdating kaya inihanda ko na ang mesa.”

Nahihiyang napasunod na lamang siya rito. Lihim niyang nakagat ang labi. Ito ba ang mga taong lolokohin niya? Diyos ko, nakaka-guilty!

Hanggang gumaling lang naman ang mga sugat mo, Fatima...

Napalunok siya. Tama. Wala sa sariling nakapa niya ang ulong nakabenda pa. May gasgas din siya sa likod ng braso hanggang sa siko. Mga isang linggo lang siguro, okay na siya. Aaminin na niya ang totoo at lilisanin na niya ang marangyang bahay na ito.

“Matagal na ho ba kayo rito?” pagbubukas niya ng usapan habang kumakain at nagpupunas naman ng pinggan si Yaya Herminia.

Tumango ito. “Binatilyo pa lamang si Ian, narito na ako.”

“Ang mga magulang ho ni Dr. Ian?” muling tanong niya habang sumusubo ng pasta.

“Wala nang mga magulang ang batang iyon. Ang nag-iisa niyang kapatid na babae, American citizen na.”

“Ah...eh, ang Mommy ho ni Trish?” Nakita niyang natigilan si Yaya Herminia, napahinto sa ginagawa. “Naku, pasensya na ho,” napangiwing bawi niya. “Minsan ho talagang hindi ko mapigilan ang sarili kong magtanong.” Itinuloy na lamang niya ang pagkain.

“Sa pagkakaalam ko, nasa Singapore ang ina ni Trish,” mayamaya ay sabi ni Yaya Herminia.

Tumango siya at pinigil ang muli pa sanang pagtatanong. Baka kasi makahalata na ito na interesado siya kay Ian.

Halata ni Fatima na magaan kaagad ang loob sa kanya ni Yaya Herminia at ganoon din naman siya rito. Pasado alas cinco ng hapon kanina nang maisipan na lamang niyang bumaba dahil hindi na niya nakayanan ang pagkabagot. Matapos kasing magtanghalian kanina, inutusan na siyang umakyat ni Yaya at magpahinga sa silid na itinalaga nito sa kanya, bilin din umano iyon ni Ian.

Sadyang napakabait talaga ng dentistang iyon. Hay, mga tulad nito ang masarap mahalin.

Agad niyang pinigil ang pagdaloy ng pantasya. Pinagsawa na lamang niya ang sarili sa pang-hapong mga drama sa telebisyon. Pero sa huli ay hindi na rin niya nakayanan ang pagpapahirap sa mga babaeng bida kaya ipinasya na lamang niyang bumaba. Hindi kasi sanay ang katawan niya na walang ginagawa buong maghapon kaya pakiramdam niya mas napapagod siyang nakaupo lamang.

Sa kusina ay inabutan niya si Yaya Herminia na naghahanda ng mga lulutuin. Kaagad siyang

pumuwesto sa harap ng mesa at tumulong sa paglilinis nito ng mga gulay.

“Naku, Hija! Kabilin-bilinan ni Ian na huwag kang hahayaang magpapagod.” Lumapit ito at kaagad tinabing ang mga kamay niya.

“Sa ulo ho ang sugat ko, hindi sa mga kamay,” natatawang sabi niya at muling itinuloy ang ginagawa. “Isa pa ho, nakakabagot ang walang ginagawa. Huwag n’yo na lang sabihin kay Dr. Ian na tinulungan ko kayo.”

“Batang ito,” magaan na hinampas siya nito sa braso, “Tuturuan mo pa akong magsinungaling.”

Ngumisi siya, hindi mapigilan ang pagkaaliw sa matanda. Parang nakita niya rito ang yumao niyang lola. “Pag minsan lang hong ginagawa iyon, hindi masama.”

Natawa ito. Hinayaan na lamang siya. Humaba nang humaba ang kuwentuhan nila habang nagluluto ito. Naibahagi na yata nito ang istorya ng buong buhay na hindi niya na halos natandaan lahat dahil ang kuwentong interesado siyang pakinggan ay ang may kaugnayan kay Dr. Ian. Pero talagang hindi siya nakasingit sa litanya ni Yaya Herminia, kaya hayun, napilitan na lamang siyang makinig dito.

Nang makapaghain ay kaagad tinawag ni Yaya Herminia si Trish upang kumain na ng hapunan. Pinasalo na rin siya at ang driver. Habang kumakain ay kuwento nang kuwento ang paslit tungkol sa mga manyika na lahat ay may pangalan subalit wala siyang kilala kahit isa. Paano ba naman, ni hindi siya nabigyan ng pagkakataong maglaro ng kahit lumang manyika noon.

Mahirap lamang sila ng kanyang lola kaya maging ang pagkokolehiyo niya noon—na para sa ilan ay barya lamang dahil hindi kilala ang pamantasan, sa kanila ay dugo at pawis na ang puhunan. Doble-kayod silang mag-lola makapagtapos lamang siya.

“Bakit wala pa si Daddy, Yaya Herminia?” tanong ni Trish na nagsawa na marahil sa pagkukuwento. Napatingala siya sa relong nasa dingding. Pasado alas siete na. Oo nga, bakit wala pa si Ian?

“Baka may tinapos pa,” tugon naman ng matanda. “Hindi ka pa nasanay sa daddy mo, minsan talaga ginagabi iyon.”

Tumango na lamang ang bata at uminom na ng tubig. Halos magkasabay lamang silang natapos. Ilang minuto itong hindi kumibo at nakatitig lamang sa kanya.

“Bakit, Trish?” hindi na nakatiis na tanong niya.

“Do you know the theme song of ‘Casper’, Ate Fatima?” Napangiti siya.

“Remember Me This Way?”

“Yehey!” Napapitik ito sa hangin. Mabilis na bumaba mula sa pagkakaupo at hinila na siya patayo. “Kantahan mo ako, Ate Fatima.” Pagkatapos ay nilingon nito si Yaya Herminia. “Si Yaya kasi, hindi niya alam iyon!” anito at lumabi. “*Maalaala Mo Kaya* ang kinakanta niya sa akin!” Nagkatawanan sila ni Yaya. Maging ang driver ay nakitawa na rin.

“Sige, kakantahan kita.” Ginulo niya ang buhok nito. Nami-miss niya tuloy sina Jean at Joan. Nag-iwan na lang siya ng ngiti bago nagpatiayon sa paghila ni Trish paakyat ng hagdanan.

“Marami ka bang alam na fairy tales?” Papasok na sila sa kuwarto nito nang muli itong magtanong.

“Hmm, medyo...” ngiti niya. Ang iba sa mga kuwentong iyon ay imbento na lang niya.

“Story telling din tayo, ha?” Hinila-hila pa nito ang mga kamay niya.

“Sabi mo, eh.” Pabiro niyang pinisil ang makinis nitong pisngi. Natutuwang ngumiti ito bago tumuloy

sa banyo at nag-toothbrush.

“Kanta ka na lang, Ate Fatima,” paungol na sabi ni Trish nang matapos niya ang pinahabang version ng kuwento ni Snow White. Namumungay na ang mga mata nito nang yumapos sa kanya.

Napangiting inayos niya ang buhok nito. Hindi kaya ito nami-miss ng ina? Bakit kaya nasa Singapore iyon at hindi kasama ng mag-ama?

“Sing na...” ungol muli ni Trish na pumutol sa iniisip niya. Nagsimula na siyang kumanta habang patuloy ang paggana ng utak.

Kapag siya ang nagkaroon ng pamilya, hindi niya papayagan ang asawa niyang mag-abroad. Hindi niya naman hangad ang yumaman. Sapat na sa kanya ang simpleng buhay basta sama-sama sila. Hindi niya hahayaang maranasan ng anak ang dinanas niya. Mahirap kapag walang pamilya. Kaya titiyakin niyang buo ang sa kanya sa hinaharap. Mahigpit ang bigkis, sa hirap man o ginhawa.

Natigilan siya. Wala nga pala siyang boyfriend kaya iyon muna ang hahanapin niya. Marami siyang manliligaw noon sa probinsya, pero wala siyang tinanggap ni isa. Masyado kasing bagito ang mga

iyon. Ang gusto niya ay iyong medyo may edad na para responsible. Pero sa kasamaang-palad wala siyang mahanap na ganoon hanggang ngayon.

Mga tulad ni Dr. Ian ang gusto niya. Natawa siya sa sarili. Hindi naman mayaman ang hinahanap niya dahil alam niyang suntok sa buwan iyon. Kaya ang mga katulad ng tatay ni Trish na guwapo, matikas ang tindig at mayaman, sa dalawang bagay lang puwede—una, sa mga nobelang hilig niyang basahin at ikalawa, sa pangarap!

Nang ituon niya kay Trish ang mga mata ay napansin niyang nakatulog na ito. Tumigil na siya sa pagkanta. Dahan-dahan niyang pinalaya ang sarili mula sa mga bisig ng bata. Inayos niya ito sa kama at kinumutan.

Muntik na siyang mapasigaw nang pagpihit sa direksyon ng pinto ay tumambad sa mga mata niya si Dr. Ian. Panatag itong nakasandal sa dahon ng nakasarang pinto at nang makita ang pagkagulat niya ay napangiti.

Nagrigodon ang puso niya.

Hindi niya maintindihan kung bakit may hindi pamilyar na pintig siyang naramdaman sa dibdib kapag malapit ito. Aaminin niyang crush niya ang

guwapong ito, pero hanggang pangarap lang naman siya. Una, dahil langit at lupa sila at ikalawa, may asawa at anak ito.

“H-hindi kita namalayan, Dr. Ian,” aniyang alanganin ang ngiti. Madalas niyang kasama ito sa ospital noon, pero hindi niya pa rin maintindihan ang sarili kung bakit hindi siya mapakali sa presensya nito.

“You’re busy singing, that’s why,” sabi nitong nakangiti pa rin. “Sabi ni Yaya, inobliga ka raw ng anak ko. Pasensya ka na.”

“Naku, hindi!” agad na salungat niya nang makaramdam ng hiya. Siya na nga itong sampid sa bahay na ito, siya pa ang hihingan ng pasensya. At idagdag pang nagpapanggap lamang siya!

“Gusto ko naman ang ginawa ko. Nakakatuwa nga si Trish, eh. Cute na, mabait pa.” *Parang ikaw!*

“Kanino pa ba naman magmamana ang anak kundi sa ama.” Tumawa ito nang mag-angat siya ng tingin. Nakitawa na rin siya.

“Oo nga naman,” sang-ayon niya.

“Napilitan ka lang yata.”

“Halata ba?”

Natawa itong muli. Kung noon ay duda siya sa kanyang sense of humor, ngayon ay naniniwala na siya. Wala pang effort iyon, ah. Paano pa kaya kung ibuhos niya ang lahat ng nalalaman?

In fairness, gusto niya ang pakiramdam na napapatawa niya ito. Gusto niya maging ang tunog ng halakhak nito at gusto niya ring nakikita ang kislap sa mga mata nito kapag nakangiti. Hay, lahat naman yata sa lalaking ito gusto niya.

Fatima, hinay-hinay! paalala niya sa sarili.

“Ahm... sige, lalabas na ako.” Sinamantala na niya ang pagdaan ng katahimikan. Humakbang na siya patungo sa pinto. Kumilos naman ito at ipinagbukas siya.

“Thank you, Fatima,” anito na bahagya lamang lumayo sa pintuan nang dumaan siya kaya nasamyong pa niya ang pabango nito.

Tumango na lamang siya at malalaki ang hakbang na lumayo. Natatakot siyang baka dahil sa malakas na atraksyon niya rito ay mawala siya sa katinuan at mahagkan niya ito. Tiyak sa kalye siya pupulutin dahil palalayasin siya nito sa sindak!

Nang makarating sa sariling silid ay parang nahihipnotismong naupo siya sa kama kasunod ang

pagtingala sa kisame. Tama ba talaga itong ginagawa niyang pagpapanggap? Tama bang manloko siya ng kapwa para lamang itawid ang sarili niyang pangangailangan?

Mariin siyang pumikit. Alam niyang mali. May pera pa naman siya. Siguro naman makakahanap na siya ng trabaho bago maubos ang halagang iyon sa mga gastusin niya.

Hindi talaga tamang ituloy niya ang pagpapanggap. Umalis na kaya siya bukas? Sa isang banda naman, bakit hindi na lang niya hintaying gumaling ang sugat niya para kapag umalis siya, sugod agad sa paghahanap ng trabaho. Samantalang kung bukas siya aalis, may aalalahanin pa siyang sugat na magdurugo habang unti-unting nauubos ang pera niya!

Hay...

Napakurap siya nang mapatingin sa mesita. Pizza? Kunot-noong tumayo siya at lumapit doon. Isa iyon sa maraming pagkaing gustung-gusto niya. Teka, sa kanya nga ba iyon? Baka pumasok lang sa silid niya si Yaya Herminia at nailapag iyon doon. Makakalimutin na kasi ito.

Mainit pa, naramdaman niya iyon nang bitbitin

ang pizza. Nabuhay ang appetite niya, pero pinigil ang sarili. Tuluy-tuloy siyang lumabas at bumaba sa kusina. Naroon pa si Yaya Herminia at tinutuyo ang mga pinggan.

“Nailapag n’yo ho sa silid ko,” nakangiting sabi niya at ipinatong sa mesa ang kahon ng pizza.

“Kung nasa silid mo, ibig sabihin, para sa ’yo iyan,” tugon nito na tila naaaliw. Napatitig siya rito, umawang ang mga labi. “Hindi rin mahilig sa pizza si Trish, lasagna ang paborito ng batang iyon. Lalo namang hindi kami ni Edwardo.” Ang Edwardo na sinasabi nito ay ang driver ng pamilya.

“Ang totoo, mahilig ho ako sa pizza pero—”

“Para sa ’yo talaga ’yan, Fatima.”

Kapwa sila napalingon sa pinanggalingan ng tinig. Naglalakad palapit sa kanila si Dr. Ian. Nakasando na lamang ito at boxer shorts. Kaagad niyang inilayo ang mga mata rito. Ayaw niyang titigan ang magandang katawan nito na nahagip na ng paningin niya kanina dahil baka hindi siya makatulog.

Kaagad naghain si Yaya Herminia. Hindi pa pala ito kumakain.

“S-sa akin?” di-makapaniwalang paniniyak niya.

“Naku, Hija, huwag ka nang magulat. Mahilig talagang magdala ng pasalubong na pagkain iyang alaga ko,” sambot ni Yaya Herminia.

Nahihiyang napangiti na lamang siya. “S-salamat, Dr. Ian...” Nagdesisyon siyang buksan na iyon, natitiyak niyang hindi na iyon masarap bukas. Para naman iyon sa kanya kaya isasantabi na muna niya ang hiya.

“Yaya Herminia, kuha kayo!” alok niya bago kumagat. “Ikaw na yata ang pinakamabait na taong nakilala ko, Dr. Ian,” sabi niyang ngumunguya-nguya pa. Nagsimula na rin itong kumain. “Salamat uli, ha? Hayaan mo, kapag nanalo ako sa lotto, half-half tayo!” biro pa niya para maibsan ang kabang hindi niya alam kung bakit niya nararamdaman.

Tumawa lamang si Ian; tila naaaliw.

“Yaya Herminia, kuha ka na!” pilit niya. “Nasaan ho si Mang Edwardo? Kung hindi n’yo ’ko tutulungan, uubusin ko ho iyan. Kapag hindi ako nagising bukas, kasalanan ninyong dalawa!”

“Batang ire,” anang matanda na kumuha na rin ng isang slice. Tapos ay tinawag nito si Mang Edwardo na kaagad namang lumapit. At nang inulit ni Yaya Herminia ang sinabi niya ay napakamot ito sa ulo at

kumuha na rin ng isang slice. Natawa siya na naging dahilan upang masamid siya.

Nangingiting inilapit sa kanya ni Dr. Ian ang baso ng tubig na nakita niyang inihanda ni Yaya Herminia kanina. Kaagad niyang inabot iyon at uminom.

“Salamat, nakakahiya ako,” aniya.

“It’s okay, Fatima. You’re cute.” Muli siyang naubo kaya napainom ulit ng tubig. Cute daw siya? Napatingin siya rito. Kumakain lamang ito na parang walang anuman. Nakaringgan lamang ba niya iyon?

Nanatiling nakapako rito ang titig niya kaya nang mag-angat ito ng tingin at mahuli siya, halatang-halata ang paglunok niya at biglang pagbawi ng tingin. May kutob siyang nagkulay-kamatis ang pisngi niya. Salamat na lang at hindi iyon halata dahil morena ang kulay ng balat niya.

Sa sulok ng kanyang mga mata, nakita niya ang pagngiti nito.

3

“Morning, Fatima!” Wala sa sariling nailapag niya ang iniinom na gatas nang marinig ang pagbati ni Dr. Ian mula sa

Nakangiti ito at preskong-presko ang anyo sa suot na striped polo shirt at maong pants. Tall, fair and handsome talaga. Sadyang napakagandang lalaki nito!

Kumabog na naman ang dibdib niya kaya gumanti na lamang siya ng ngiti. Kasalukuyan niyang binabantayan ang tino-toast na tinapay ni Yaya Herminia nang sandaling iyon habang nagpapainit siya ng sikmura.

“Salamat naman nagising ka.”

“Ha?”

Ngumiti lang ito. Napalunok na naman siya ng lihim. Bakit ba nakakaramdam siya ng ganitong kaba kay Ian?

“Sabi ko, salamat naman nagising ka.”

Segundo ang lumipas bago niya nasakyan ang biro nito. Lumuwang ang ngiti niya. Umandar ang

natural na pagkapalabiro.

“Hindi ko naman inubos iyong pizza, eh,” aniya na sinabayan ng kamot sa batok. “Naalala kasi kita kaya nagtira ako ng isang slice.”

“Oh, thanks!”

“No, don’t thank me. Ikaw bumili n’on, di ba? Isa pa, itinira ko iyon sa iyo dahil alam kong hindi mo rin kakainin kaya ang resulta, akin pa rin.” Ngumisi siya nang tumunog ang toaster. “Kaya heto, ang toasted bread ni Yaya Herminia at ang pizza ko!” nakatawang sabi niya habang inilalapag sa mesa ang tinutukoy.

“O, hindi ba ang sabi mo itinira mo sa akin?”

“Alam kong hindi mo na type kainin iyan, ‘no!’”

“Who told you?” nakangiting tanong nito at dinampot ang isang slice ng pizza at isinubo.

Napatitig na lamang siya rito kasunod ang pagkamot. “Ang daya! Tinotoo nga. Joke lang iyon,” aniya, laglag ang balikat na naupo at nanalungko sa mesa. Siyempre, acting lang iyon.

Ang lakas ng tawa nito. Nakangiting pinagmasdan niya ang anyo nito. Ano ba ang mayroon ang lalaking ito at sa kabila ng kabang pinipilit niyang ikubli ay lagi ng napapako hindi lamang ang kanyang mga

mata kundi maging buong atensyon kapag malapit ito?

Hindi naman siguro siya ginagayuma!

“O, here, take a bite,” napakurap siya nang maramdaman ang bahagyang dapyo ng hangin sa side ng mukha niya. Nakatapat sa mukha niya ang slice ng pizza na hawak ni Dr. Ian. Nakatukod sa mesa ang siko nito at ang mukha ay sentimetro lang ang layo sa kanya!

Hindi niya napigilan ang paglunok na narinig pa marahil nito kaya ngumiti. Nangingislap ang mga mata nitong nakatitig sa kanya. Walang masabing napalunok siyang muli. Bakit hindi niya matagpuan sa isip ang mga pamatay niyang jokes sa mga pagkakataong ganito? Oh, no! Isusumpa niya ang sarili kapag napatunayan niyang naririnig din nito ang kabog ng dibdib niya at iyon ang dahilan ng lalo pang pagluwang ng ngiti nito!

“Sabi ko, take a bite,” anito at inilapit sa labi niya ang pizza. Napatitig siya sa pagkain pagkatapos ay sa mukha nito. Nakangiti ito, pero mukha namang seryoso sa pag-alok. Baka kapag tumanggi siya, isipin pa nitong nag-iinarte siya kaya nagpasya na siyang kumagat. Subalit nang akmang kakagat na siya ay iglap nitong inilayo ang slice at tumatawang kumagat

muli.

Napipikong tumayo siya sa kinauupuan. “Ang sama mo!” akusa niyang hindi alam kung matatawa o maiiyak. Tumawa ulit ito habang nakatingin sa mukha niya. Lumabi siya; mannerism niya iyon kapag napipikon.

Tumigil ito sa pagtawa. Nakatingin na lamang sa kanya.

“Ano?” naiinis na singhal niya. Kumislap muli ang mga mata nito. Ngumiti bago humakbang palapit sa kanya.

“Here,” alok nitong muli sa pizza. Hindi niya iyon pinansin.

“Sige na.” Napatingin siya rito. Seryoso na ang anyo, pero naroon pa rin ang kislap sa mga mata.

“Ilalayo mo lang, eh.”

“No, promise.”

Mukha namang seryoso ito kaya kumagat siya ulit. Hindi na nga inilayo. Tumawa na siya.

“O, another one.” Kumagat siya ulit. Hindi niya inaasahang isusubo pa rin nito ang tira niya habang humahakbang palayo. Ibig sabihin, hindi ito nandidiri

sa kanya kahit hindi sila magka-level ng estado sa buhay? Parang may maligamgam na palad na humaplos sa puso niya.

Naihiling niyang sana ay posibleng magkatotoo ang pantasya niya—na minsan maaari rin namang humalik ang langit sa lupa. Kung sana binata ito...

“You know what, Fatima?”

Napakurap siya nang marinig muli ang boses nito. Ilang hakbang na ang layo nito sa kanya, may nakalimutan yatang sabihin kaya huminto.

“You’re one of those few women who look lovely early in the morning,” sabi nito at tumalikod na.

Naiwan siyang nakatanga.

Isang linggo ang matuling lumipas na naging routine na kay Fatima ang mga ginagawa niya sa bawat araw. Sa umaga, katulong siya ni Yaya Herminia sa paghahanda ng almusal. Patulong-tulong siya sa mga gawaing bahay nito sa buong araw at sa gabi, siya ang nagpapatulog kay Trish. Maraming beses na tinatanggihan ng kasambahay ang tulong niya; ilang beses na rin siyang sinabihan ni Dr. Ian na hindi niya kailangang gawin iyon, pero hindi niya pinakinggan

ang mga ito. Maaga pa rin ang gising niya tuwing umaga at kaagad ay nasa kusina na siya. Nasanay na siya sa ganoong buhay kaya mahirap nang baguhin. Isa pa, okay na naman siya. Bahagya na lamang ang sakit ng sugat niya at nagawa na niyang tanggalin ang benda.

Sa katunayan, pinatingnan siya ni Ian sa doctor noong isang araw—hindi na ang unang gumamot sa kanya kundi isang kakilala nito. Ang dalawa na ang nag-usap. Bukod sa tiniyak ng manggagamot na okay na siya, hindi na niya alam kung ano ang pinag-usapan ng mga ito nang sarilinan.

Handa na siyang sumabak muli sa buhay ngayon at sa araw na ito ay balak na niyang magpaalam. Sasabihin na niya ang totoo at aalis na siya. Sobra-sobra na ang mga naitulong sa kanya ni Dr. Ian kung kabayaran man iyon sa pagkakabundol sa kanya. Hindi rin naman nito sinasadya ang lahat; kung tutuusin siya ang may kasalanan dahil wala siya sa sarili nang tumawid siya sa kalsada.

At sa loob ng mga panahong nakasama niya ang mga ito ay puro kabutihan lamang ang ipinakita nito sa kanya. Hindi niya kayang suklian ng panloloko ang kabutihang iyon. Tama na ang mahigit sa isang linggong pagpapanggap.

Aalis na siya mamaya, kahit pa ang kahulugan niyon ay hindi na niya ito makikita pa. Pati na ang batang si Trish. Mapait siyang napabuntong-hininga. Sa maikling panahon, napamahal na sa kanya ang bata... at si Dr. Ian, nakasanayan na niya ang paminsan-minsang panunukso nito, ang mga ngiti at tawa. Tiyak niyang mami-miss niya ang mga iyon. Pati na ang pizza na naging regular nang pasalubong nito.

Hay, siguro nga dapat na niyang putulin ang lahat habang maaga pa. Mahirap nang lumalim pa ang lahat, baka hindi na siya makaahon. Tiyak na sakit lang ang idudulot niyon dahil imposibleng magustuhan din siya nito bilang babae. At lalong hindi bilang asawa, baka kabit puwede pa. Pero mamamatay muna siya bago tanggapin iyon.

Tuluy-tuloy siyang bumaba habang pakanta-kanta. Paliko na sana siya sa direksyon ng kusina nang makarinig ng paghikbi mula sa sala. Automatiko ang paghinto niya. Nakiramdam. May umiiyak nga. Nangunot ang noo niya nang paglingon sa sala ay makitang magkaharap na nakaupo sina Dr. Ian at Yaya Herminia. Ang huli pala ang umiiyak.

Mukhang dibdiban ang usapan kaya nagdalawang-isip siyang lumapit. Sino ba naman siya sa bahay na

ito? Handa na sana siyang humakbang patungo sa kusina nang marinig niya ang mahinang pagtawag ni Yaya Herminia sa pangalan niya. Hindi na siya nag-atubiling lumapit.

“Napansin kong marunong ka sa mga gawaing bahay, Fatima. Wala ka ring problema kay Trish,” anito at tinuyo ang pisngi. “Puwede ba akong humingi ng pabor, Hija?” Nagsusumamo ang tingin nito. Tumango lamang siya dahil wala siyang maintindihan. “Maaari bang ikaw na muna ang bahala sa bahay habang wala ako?”

“Ho?” manghang bulalas niya.

“Ooperahan ang anak niyang nasa probinsya. Ovarian cyst, Fatima. Kaya kailangan niyang umuwi sa Mindoro.” Si Dr. Ian ang sumagot.

“Ha?” Lalo siyang na-shock. “Ngayon din mismo ang araw ng alis niya.”

Oh, no! Ngayon niya din balak magpaalam, paano na?

“Puwede bang ikaw na muna ang bahala sa lahat, Fatima?” Hindi niya napigilan ang paglunok. Bakit naman ngayon pa nangyari ito? Nananadya ba ang pagkakataon?

Napatingin siya kay Dr. Ian. Napalunok ulit. “Pero... kasi, ano eh. May... may sasabihin rin sana ako. Gusto... gusto ko na ring—”

“Kung anuman iyan, Fatima, pag-usapan na lang natin kapag nakabalik na si Yaya Herminia,” pormal na sansala ni Dr. Ian na halatang apektado rin sa pinagdaraan ng kasambahay.

“Pero...”

“You’ll be compensated for your work.”

“Hindi naman iyon, eh. Kasi—”

“Please, Fatima.” Tumayo ito at lumapit sa kanya. “Sandali lang, Yaya,” sabi nito bago bahagyang idinantay ang isang kamay sa siko niya upang igiya siya palayo.

Hindi niya napigilan ang mahinang pagsinghap. Parang may kuryenteng gumapang sa mga ugat niya sa simpleng hawak nito. Nagkaroon na naman ng rumble sa dibdib niya.

“Just say yes,” mahinang sabi nito nang nakalayo na sila sa kasambahay. “Hindi matatahimik si Yaya hangga’t wala siyang maiiwang mapagkakatiwalaan. And she trusted you, Fatima. I know your wounds aren’t completely healed yet. Don’t worry, pagkaalis

na pagkaalis ni Yaya Herminia, maghahanap kaagad ako ng makakasama mo.”

Gustung-gusto niyang sabihin na hindi iyon ang dahilan. Siyempre, gusto niyang tulungan si Yaya Herminia, kaya lang kung mananatili siya, hahaba pang lalo ang pagpapanggap niya. At kung sasabihin niya naman kay Dr. Ian ang totoo, kasunod na noon ang pag- alis niya dahil wala na siyang mukhang ihaharap dito.

Nilingon niya ang katulong. Ang anyo nito ay tila ba pasan ang daigdig. Napalunok na naman siya. Paano na? Humakbang siya palapit dito. Siguro, ang puso niya ang dapat masunod sa mga sandaling ito. Saka na lamang niya iisipin ang sitwasyon kapag nakabalik na ito.

“Yaya, huwag na ho kayong masyadong mag-alala. Pinagpapala ni Lord ang mga tulad ninyong mababait kaya tiyak, tagumpay ang operasyon ng anak ninyo. Kung ako nga hong medyo mabait lang pinapalad, kayo pa kaya?” aniyang hinagud-hagod ang likod nito. “Sige ho, ako na’ng bahala sa bahay habang wala kayo.”

Nakatulog na si Trish nang gabing iyon ay wala

pa rin si Dr. Ian. Humiga na lamang si Fatima sa sofa habang hinihintay ang pagdating nito. Ipaghahanda niya pa kasi ito ng pagkain tulad ng ginagawa ni Yaya kaya kahit nararamdaman na niya ang pagod, hindi pa siya dapat matulog.

Ilang linggo rin kasi siyang nabakante kaya nabigla marahil ang katawan niya sa buong araw at walang patid na gawaing bahay ngayon. Sampung minuto lang marahil ang lumipas matapos ang pag-uusap nila kanina ay umalis na rin si Yaya Herminia kaya sa kanya na naiwan ang lahat.

Tulad ng dati, si Mang Edwardo ang naghihintay kay Dr. Ian sa balkonahe. Siya naman ay nahiga na lamang sa sofa. Nanood siya ng telebisyon upang labanan ang antok. Ngunit hindi rin siya nagtagumpay. Pagod marahil ang dahilan kaya kahit malakas ang volume ng telebisyon, nakatulog pa rin siya.

Naalimpungatan siya nang maramdamang tila siya idinuduyan patungo sa kung saan. Napaungol siya at nagmulat ng mga mata.

“Dr. Ian!” bulalas niya nang mapagtantong pangko siya nito sa mga bisig habang umaakyat ng hagdanan. “I-ibaba mo na ako,” natatarantang turan niya; hindi malaman kung saan ihahawak ang mga kamay. “I- ipaghahain pa kita ng pagkain.”

Huminto ito nang nasa itaas na sila at tinunghayan siya. Nahinto sa lalamunan ang kanyang paghinga.

“It’s okay, Fatima,” banayad na sabi nito saka ngumiti na nagpaawang pang lalo sa labi niya. “Ituloy mo na lang ang tulog mo. Humihilik ka na nga nang dumating ako.”

“Uy, hindi, ah!” Wala sa sariling nahampas niya ito sa balikat upang sa huli ay matigilan nang mapagtanto ang ginawa. “S-sorry...”

Saglit siya nitong tiningnan bago ngumiti. “Put your arms around my neck.”

“Ha?” Nagpapayakap ba ito sa kanya? Bakit nga ba hindi niya pagbigyan ang sarili kahit segundo lang? Sa marahang kilos ay ginawa niya ang sinabi nito. Saka pa lamang nito itinuloy ang paghakbang patungo sa silid niya.

Hindi niya kayang ipaliwanag ang kilig na naramdaman habang nakatitig sa mukha nito. Para siyang nakalutang sa alapaap. Si Dr. Ian Javier, guwapo, makisig at mayaman—langit. Pero heto, pangko siya sa mga bisig at halos yakap na niya. Iyon nga lang may problema, may asawa ito at anak. Mula sa mga alapaap ay nalaglag siya.

“Sleep well, Fatima,” bunga ng pag-iisip ay hindi

niya namalayang nailapag na pala siya ni Dr. Ian sa kama niya. Tulala pala siya at nakatunghay naman ito sa mukha niya.

“O, siya nga pala.” Nasa may pintuan na ito nang tila may maalala. “Binili kita ng cellphone, kapalit ng nawasak mong cp dahil sa aksidente.”

Napanganga siya; tatanggi sana pero naunahan na siya nito. “Kung ayaw mong ibigay ko iyon ng libre, ibabawas ko sa suweldo mo bilang sub ni Yaya. Isa pa, kailangan mo iyon dahil nasa SIM card ang numero ng mga nakakakilala sa iyo.” Muntik na siyang maubo. Maaaring ang SIM card na iyon pa ang magbubuking sa kanya.

“S-salamat, Dr. Ian...” nausal na lamang niya nang matuliro bigla.

“Please, just call me ‘Ian’,” anitong napapangiti. Nakahawak na sa doorknob ang kamay nito. Lumapat na ang pinto at wala na ito sa silid niya ay nanatili siyang tulala. Ganoon ba talaga kabait si Ian?

Hindi kaya may motibo ito sa mga ginagawa? Paano kung mayroon nga? Siya ang lalabas na may kasalanan dahil alam na niyang may asawa iyong tao, nagpapaubaya pa siya sa mga sweet at gentle gestures nito.

Kung Akin Ka Lang - Aira Felicity

Pero baka naman talagang ganoon ito kabait at siya lang itong nagbibigay ng malisya sa mga kilos nito. Isa lang ang paraang alam niya para makatiyak: ang komprontahin ito. Natatakot siyang baka nahahalata nitong may attraction siyang nararamdaman at mababang uri ng babae ang dating niya rito kaya balak siyang patulan.

Ang sakit naman kung ganoon. O baka dahil may amnesia siya kaya sinasamantala nito? Helpless siyang napatingin sa mamahaling box ng cellphone na nasa mesita na pala. Sunud-sunod ang paghinga niya nang malalim.